SCOPE

Airalyn Gara

an ngayong akademikong taon? Sino-sino ang mo? Suswertihin ka ba o mamalasin?

ang pakikisalamuha sa mga taong may iba't akakarating sa mga bagong lugar gaya ng gpo ka ng iba't ibang uri ng mga mag-aaral iniling landas. Hindi tiyak ang kapalarang makakasalamuha mo ang magbibigay-a pananatili rito.



Virgo
(Agosto 23 – Setyembre 22)

Bookstore. Nakasalaman pa sila para lalong magmukhang nag-aaral nang mabuti. Tabihan niyo siya dahil maibibigay/maipahihiram nila ang lahat ng kailangan niyo para tumagal sa pamantasan. Maging mabait sa kanila upang hindi na problemahin ang supply ng yellow paper sa buong taon. Paalala na maging mabait at pairalin ang konsensya paminsan-minsan upang

mga Virgo. Magiging mas maaga ang pagdating niyo sa pamantasan sa mga unang araw ng pasukan pero may mas maaga pa sa inyo—ang 'early bird' ng klase niyo. Isa lang sila sa mga PNUan na nasa gate na bago pa man pumutok ang araw at nauunahan pa ang ibang gwardiya. Sila yung madalas umaalis ng bahay nang gabi pa at umuwi rin ng gabi dahil sa oras ng klase at walang kamatayang traffic. Siguraduhing may magiging kaibigan kayong gaya nila para may makausap ka sa biyahe pauwi.

Swerteng gamit: Travel pillow

Libra
(Setyembre 23 – Oktubre 22)

Sa taong ito, hindi aasahan ang pagbabanggaan niyo ng isang estudyanteng nagmamadaling maglakad. Tititigan ka niya mula ulo hanggang paa pero hindi ka niya pag-aaksayahan pa ng oras dahil pupunta pa siya sa faculty center. Isa siya sa mga mag-aaral na kayang pagsabayin ang pag-aaral at pagiging student assistant ng mga propesor. Sila rin ang mga kaklase mong kayang kumain ng lima hanggang 10 minuto tuwing break time saka didiretso na kay 'boss' para tapusin ang mga trabaho. Mag-ingat sa pagsasalita kapag nandiyan sila dahil karamihan sa kanila ay espiya ng mga prop sa klase pero marami namang 'perks' kapag naging kaibigan ka nila.

Swerteng pagkain: Siomai rice




Scorpio
(Oktubre 23 – Nobyembre 21)

Mapapatanong ka na lang sa sarili at sa mga kaibigan mo kung bakit parang nasa loob ka ng larong 'Plant vs. Zombies' dahil sa mga mag-aaral na malalaki ang eyebags. Sila yung makikita mong natutulog sa klase—habang walang prop o kahit nasa gitna ng klase dahil halos gabi-gabi silang puyat. Sila yung mga taong best friend si Kopiko 78 sa gabi para manatiling dilat ang mga mata. Tuwing vacant time naman, madalas silang matulog sa grasslandia o sa library kasama ang barkada. Binabalaan ang mga Scorpio na huwag sumama nang madalas sa mga taong ito dahil hahawaan nila kayo ng antok.

Swerteng bagay: Unan

Sagittarius
(Nobyembre 22 – Disyembre 21)



Magiging masigla at kasiya-siya ang taong ito para sa mga Sagittarius. Magkakaroon ng malaking pagbabago sa kanilang panlasa sa musika, kasuotan at pagkain. Mahihilig sila sa Kpop songs at magiging idolo ang BTS. Magiging maganda ang takbo ng kanilang career ngunit mag-ingat sa labis na kaligayahan.

Maaaring mapabayaang ang pag-aaral dahil sa araw-araw na dance rehearsals. Huwag masyadong ugaliin ang panunuod ng Korean Drama (KDrama) dahil ito ang magiging sanhi ng palagi



Capricorn
(Disyembre 22 – Enero 19)

Magdadala ng produktibong panahon ang taong 2018 para sa mga Capricorn. Matatapos na ang kanilang #SoulSearching at pagtatanong ng 'purpose' sa buhay dahil mapapasali sila sa mga organisasyon sa pamantasan. Makikilala nila ang mga progresibong mag-aaral na always on-the-go para



makisangkot sa mga isyung panlipunan. Madalas silang makikita sa mga kalsada na nakikiisa sa panawagan ng masang Pilipino pero sila rin ang mga lodi mong kayang pagsabayin ang acads at org life. Tutulungan sila ng Virgo upang maging matalino sa pagbuo ng desisyon at pagbabalanse ng oras.

Swerteng kulay: Pula

Ilan lamang sila sa mga makikilala mo sa pananatili sa pamantasan. Gayunpaman, maging bukas sa mga karanasan at ideyang magmumulat sa iba't ibang pananaw na magpapaunlad sa iyo bilang isang iskolar ng bayan. Dahil sa kanila, malalaman mo na ang isang mahusay na guro ay aktibong nakikisangkot sa mga isyu sa loob at labas ng pamantasan.

Isang taong bisa ng Accreditation, Reaccreditation ng ICUCOs, ipinagpatuloy

Yhunice G. Carbajal

Bahagi ng paghahanda sa mga gampanin ng ihahalal na konsehong pangmag-aaral (USC), pansamantalang isinantabi ang planong dalawang taong bisa ng Accreditation at Reaccreditation ng Interest Clubs and University Chapter Organizations (ICUCOs).

“Hindi muna ipinagpatuloy ang dalawang taong bisa ng Accreditation at Reaccreditation bilang paghahanda sa gagawing pagpapatuloy nito sa loob ng Student Organizations Accreditation Committee (SOAComm) pagkatapos ng magiging resulta ng USC election.” ayon kay December-Anne Cabatloa, Organization and Student Information Committee (OSIC) Chairperson ng PNU-USC Transition Council.

Layunin ng dalawang taong bisang isinusulong ng PNU –

Legislative Body noong nakaraang taon ang pagpapadali sa proseso ng pagtataya sa mga gawain at proyektong ilulunsad ng mga organisasyon sa loob ng pamantasan.

Dagdag pa nya, hindi akma ang kasalukuyang kalagayan ng pamantasan bunsod ng bumabang bilang ng mag-aaral kasabay ng hindi aktibong pakikisangkot sa mga gawaing pangorganisasyon sa nakaraang taong pampanuruan.

Sa kabilang banda, 13 mula sa 18 organisasyong pangmag-aaral nasumailalim sa proseso ng Accreditation at Reaccreditation ang napabilang sa mga pumasa. Napapilang naman ang PNU Katalonan at Kristyanong Kabataan para sa Bayan (KKB) sa mga ‘Recognized Organization.’

Kaugnay nito,


itinakda na sa Room No. 210 ng Gusaling Bonifacio P. Sibayan (BPS) ang bagong opisina ng mga organisasyong pumasa sa isinagawang Accreditation at Reaccreditation ng Transition Council at Office of Student Affairs and Student Services (OSASS).

Nagsilbing tagapangasiwa sina

December-Anne Cabatloa, (OSIC Chairperson); Ryan M. Vitales, (Officer-in-Charge-Commission on Appointments); Lenard Jefferson E. Capiral, (OIC-President); Abigail Ednosa (OIC-Speaker of the House); Gabriel Alfonso Araneta, (OIC-General Convenor); Arnel C. Hoyle, (OIC-

Secretary General); Maricel Arnaiz Limpios, (OIC-Finance Logistic Officer) at nila Prop. Merimee T. Siena at Prop. Laarni Buenaventura, Student Activities Coordinator mula sa OSASS.

Makikita sa larawan ang pwesto ng bawat organisasyon sa bagong opisina ng nilaan sa kanila;



Progressive orgs condemn government’s attempts to justify low wages, poverty

Jimnoel C. Quijano

Government officials should stop downplaying the effects of rising inflation and start helping the poor. The effects of inflation are real for most people,” Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) stressed in a statement, condemning the accelerating inflation under Duterte administration.

According to Philippine Statistics Authority (PSA), inflation rate in the country spikes at 5.2% this June 2018, surmounting the previous highest 4.6% record of May. Separately, inflation rate in National Capital Region (NCR) and Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) escalated up to 5.8% and 7.7% respectively. However, Malacañang remains undaunted to the rising inflation statistics, stating

that it is “within historical amounts.”

“There is money going around that’s why you’re bound to have inflation. There’s money from the free tuition, there’s money from taxes not paid by those earning PhP 250,000. There’s money because of economic activity spurred by the Build, Build, Build,” Presidential Spokesperson Harry Roque said.

Meanwhile, denouncements and criticisms flocked over the alleged ‘unrealistic’ PhP 10,000 monthly living standard for a Filipino family of five by the National Economic and Development Authority (NEDA).

“It is alarming that they are essentially attempting to justify low wages, joblessness, high taxes and

other policies detrimental to workers and the poor. It tells workers and the poor that hunger and poverty are an acceptable state of affairs,” Kilusang Mayo Uno (KMU) stressed in a statement.

Based on the initial released computation of NEDA, a typical Filipino family can sustain a monthly living with a consumption of PhP 3,834 (PhP 127 per day) for food and non-alcoholic beverages, PhP 1,288 for house rent, PhP 2,204 for water and electricity, and PhP 2,674 for transportation, health and education.

“The sample household budget of the economic managers of the Duterte administration is another PR [public relation] spin meant to deodorize TRAIN and TRAIN-induced inflation and to put down

the resounding calls for salary and wage hikes,” said ACT Teachers Partylist Representative Antonio Tinio.

However, Socioeconomic Planning Secretary Ernesto M. Pernia explained that the PhP 10,000 Undersecretary Rosemarie Edillon mentioned was merely “an example” to illustrate the impact of the inflation rate on the budget of a family. PhP 42,000 a month is “a decent income at least to live above the poverty line,” he noted.

“The clarification only adds insult to injury. Workers don’t need Edillon and NEDA’s instructions on budgeting. Given the chronic poverty in the country, Filipinos are already well-versed on the grim necessities of subsistence

living,” KMU lamented.

Furthermore, various labor groups and progressive lawmakers including ACT Teachers Partylist Representative France Castro and Bayan Muna Representative Carlos Isagani Zarate dared the economic managers of Duterte administration including NEDA, Department of Budget Management (DBM), and Department of Finance (DOF) to live within the PhP 10,000 sample budget.

“What we are seeing now is the kind of government callousness that drives more and more people to protest,” BAYAN ended.

1,028 PNU Freshmen to acquire lesser curriculum units

• Dhriege T. Castillanes

As the upshot effect of the Enhanced Basic Education Curriculum (K to 12), first year enrollees in the university surged radically from 49 of previous academic year to 1,028. Meanwhile, D. Rita B. Ruscoe, Dean of College of Teacher Development (CTD) clarified that they are to experience Outcomes-Based Teacher Education Curriculum (OBTEC) with lesser subjects compared to previous years of its implementation.

Out of 3,313 takers, only 1,415 have passed the 2017 Philippine Normal University Admission Test (PNUAT) based on the

statistics from the Office of the University Registrar (OUR).

Table below shows the statistics of freshmen enrollees in the

Academic Year	Freshmen Enrollees
2013-14	961
2014-15	744
2015-16	811
2016-17	143
2017-18	49
2018-19	1,028

last five years:

According to Dr. Ruscoe, as the National Center for Teacher Education, PNU has the capability to develop

its own innovative curriculum model. The academic units should match the standard number of units required by Commission on Higher Education (CHED) Memorandum No.30 – the basis of CHED curriculums in the Philippines.

However, some units are already included in the K to 12 curriculum thus, first year undergraduate students have lesser academic loads to take compared to second, third and fourth year OBTEC students who were obliged to take additional general education subjects under transition curriculum.

In addition to this,

Dr. Ruscoe explained that all academic faculties will open their majorship programs unlike last academic year wherein there were limited majorship options. “Faculty members are required to acquire a doctorate degree to ensure the quality of teaching and for university accreditation,” Dr. Ruscoe said.

“In fact, the increase in number of freshmen this academic year is a solution rather than a problem since professors will have enough teaching loads. However, since some professors are still studying, faculty members will have to make certain adjustments

in conforming to huge number of freshmen,” she added.

Meanwhile, Lenard Jefferson A. Capiral, Former Officer-in-Charge of PNU-USC Transition Council, stressed the effect of ongoing renovation of some university facilities in accommodating the large number of freshmen. “It may result to inadequate classroom facilities for the students,” Capiral said. He emphasized the renovation of HRD and Bonifacio P. Sibayan (BPS) Building, and the upcoming demolition of Student Center Building.

Grupo ng mga mangingisda, maghahain ng pormal na reklamo sa UN

• Janine P. Solitario

Nagpahayag ang Pambansang Lakas ng Mamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA) ng paghahain ng pormal na reklamo sa United Nations (UN) Dispute Tribunal kaugnay ng pinag-aagawang teritoryo sa West Philippine Sea (WPS).

Layunin ng ihahaing reklamo ang paggigiit sa soberanya ng bansa sa WPS. Ayon kay Fernando Hicap, Tagapangulo ng PAMALAKAYA, hindi nila maaasahan ang adminstrasyon ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte (PRRD) upang depensahan ang karapatan ng bansa ukol dito.

Patuloy na militarisasyon sa West PH Sea

Ayon sa datos ng Earthrise Media, grupo na nag-aanalisa ng mga satellite images sa pamamagitan ng Digital Globe, mahigit 400 na mga gusali ang makikita sa itinayong isla ng Subi (Zamora) Reef at tinatayang 190 naman sa Mischief (Panganiban) Reef. Ayon sa datos, itinayo ang mga istruktura sa pagitan ng

taong 2014 hanggang 2017. Binigyang diin ng Reuters, isang international new agency, ang pagpapalit ng tuon at ang lalong pagpapalawak ng China sa Spratlys noong 2017. Mula sa naitalang 554 na bilang ng mga gusaling matatagpuan sa Spratlys, umabot na ito sa 1,350 sa pagitan ng taong 2014 at 2015. Dagdag pa ng Reuters, pangunahing bunga ito ng isinasagawang ‘reclamation’ o pagtatayo ng isla ng Tsina

Kaugnay nito, ayon sa inilabas na ulat ng Asia Maritime Transparency Initiative (AMTI), naglagak ng mga bagong military weapon systems ang Tsina sa pinakamalaki nitong base sa Paracel Islands, teritoryong inaangkin din ng Taiwan at Vietnam, ngunit hindi ng Pilipinas.

Sa pangkabuuan, tinatayang mahigit 1,652 na mga gusali na ang itinayo ng Tsina sa mga isla ng Spratlys at Paracels.

Pandarahas sa mga mangingisda

Kamakailan lamang,

umani ng samu’t saring reaksiyon mula sa publiko ang pahayag ng mga Pilipinong mangingisda na kinukuhanan ng mgahuling isda ng mga coastguard na Tsino. Depensa ni Harry Roque tagapagsalita ng Pangulo, nagsasagawa ang mga Tsino ng barter at pinapalitan ang mga ito ng noodles, sigarilyo ,tubig at iba pa.

Ayon kay Hicap, walang interes ang gobyerno sa pagtatanggol sa teritoryo mula sa pandarambong ng yaman sa WPS at militarisasyon ng Tsina. Kaugnay ito ng pahayag ni Roque na hindi na kailangan pang maghapag ng pormal na protesta laban sa Tsina dahil pinayagan naman nang makapangisdang muli ang mga Pilipino matapos ang nangyaring blockade sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Benigno Aquino III.

“Dapat nating alalahanin na nagdeklara ayt nagpasya ang Tribunal na may soberanya ang mga Pilipino sa West Philippine Sea,” pahayag ni Hicap.

Pakikipagkompromiso sa Tsina

Taong 2016 nang makamit ng Pilipinas ang pasya ng arbitral tribunal sa pinag-aagawang WPS matapos maghain ng petisyon sa United Nations – Permanent Court of Arbitration noong 2013 laban sa ‘historikal’ na pang-aakin ng Tsina sa South China Sea. Ayon sa naging pasya, walang legal na batayan ang Tsina upang angkinin ang South China Sea at ang mga yaman sa loob ng nine-dash-line sa pamamagitan lamang ng pangkasaysayang batayan.

Sa kabilang banda, direkta ang naging tugon ng Pangulo sa mga kritiko ng administrasyon hinggil sa paninindigan nito sa WPS laban sa Tsina. “Madali sabihin ‘yan. Kung ako ang military, ako ang general, utusan mo ako na pumunta ka doon, magpakamatay ka, samahan mo ‘yung sundalo mo, sabihin ko, ‘f*** y**’. Why do I have to do that?,” pahayag ni PRRD sa kanyang press briefing sa South Korea.

Taliwas ito sa pahayag ni Alan Peter Cayetano, kasalukuyang kalihim ng Depratment of Foreign Affairs (DFA) na handa ang Pangulo na magdeklara ng giyera sa Tsina o sa anumang bansa kung sasamantalain ng mga ito ang yaman ng West Philippine Sea.

Samantala, nagpahayag si Supreme Court Acting Chief Justice Antonio Carpio ng panawagan upang magkaisa ang mga bansa na kilalanin ang kanilang teritoryo sa South China Sea at harapin ang pananakop ng Tsina. Nanawagan din siya kay PRRD na maghain ng pomal na diplomatikong protesta ukol dito.

Dagdag pa niya, ang kabiguan ng bansa na magprotesta laban sa militarisasyon at pananakop ay nangangahulugan ng pagpayag ng Pilipinas na maging biktima ng sa estratehiyang pandigma ng Tsina.

EO 51, binatikos; Panawagang 'End Endo', pinagtibay

✎ Airalyn Gara

Kinondena ng mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang nilagdaang Executive Order (EO) no. 51 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte (PRRD) kasabay ng paggunita sa araw ng paggawa. Ayon sa KMU, wala itong ipinagkaiba sa mga naunang Department Order (DO) na mas nagpapanatili at naglelegalisa ng kontraktwalisasyon sa bansa.

Layunin ng nasabing batas na ipatupad ang amended Article 106 ng Labor Code upang proteksyunan ang karapatan sa paggawa ng mga manggagawang Pilipino at wakasan umano ang kontraktwalisasyon sa bansa. Nakapaloob dito ang pagbibigay ng proteksyon sa mga manggagawa laban sa anumang uri ng pananamantala at nakasaad sa Seksyon 2 nito ang pagbabawal sa illegal contracting at subcontracting.

Ngunit ayon sa labor groups at KMU, matagal nang ipinagbawal

ng DOLE at Labor Code ang illegal contracting at subcontracting. Ipinahayag ni Ed Cubelo, Chairperson ng KMU Metro Manila, na pinalala lamang nito ang mga butas sa umiiral na batas ukol sa kontraktwalisasyon, partikular ang DO 174 na nagpairal ng mga kontrata sa pagitan ng employer at ahensiya sa halip na idirekta na sa mga manggagawa.

Mula sa inilabas na pahayag ng KMU, tinatanggal ng EO ang karapatan at seguridad sa maayos na trabaho ng mga manggagawa. Bukod pa rito, maraming kaso ng regularisasyon ang hindi naipatupad sa kabila ng paggigiit ng DOLE ng pagkakaroon ng labor standards at labor-only contracting inspections.

“Muling pinatay ni Duterte ang pag-asa ng mga manggagawang kontraktwal—lalo ng matagal nang mga kontraktwal—na maregularisa. Anti-manggagawa at pabor sa kontraktwalisasyon at malalaking kompanya ang

EO 51 kaya dapat itong ibasura,” dagdag pa sa pahayag ng KMU.

Dagdag pa ni Cubelo, kung talagang seryoso si Pangulong Duterte sa pagwawakas niya sa kontraktwalisasyon, dapat niyang pirmahan ang probisyong ipinasa ng labor groups na naglalaman ng mga polisiyang nagsusulong ng direct hiring sa mga manggagawa.

Nakasaad sa nabuong probisyon ng labor groups ang kanilang pangunahing panawagan—pagbabawal sa lahat ng porma ng kontraktwalisasyon at ang deklarasyon ng direct hiring. Matatagpuan sa bahagi ng kanilang binuong burador ang Seksyon 2 na nagsasabing alinsunod sa polisiya ng gobyerno sa usapin ng kontraktwalisasyon, dapat magkaroon direct hiring sa pagitan ng employer at ng mismong manggagawa.

“Palalalin lamang ng EO ni Duterte ang laganap na kontraktwalisasyon.

Malulusutan ng mga employer lalong manpower agencies ang umiiral na batas at regulasyon dahil pinapayagan naman ang legal na kontraktwalisasyon,” ani ni Cubelo.

Sa kabilang banda, ipinahayag ni PRRD na hindi sapat ang paglalagda lamang ng EO upang wakasan ang kontraktwalisasyon dahil nakasalalay pa rin sa pagpapatupad ng DOLE ang kabisaan nito kaya iniatas niya kay Silvestre Bello III, Kalihim ng DOLE ang pagsasagawa ng inspeksyon sa pamamagitan ng mga awtorisadong kinatawan sa mga gusali upang matiyak ang implementasyon nito.

Ikinabahala rin ng grupo ang pagmumulan ng badyet upang masiguro ang implementasyon ng EO. Sa Seksyon 6 ng nabuong probisyon ng labor groups, nakasaad na magmumula sa General Appropriations Act (GAA) ng DOLE ang badyet para sa implementasyon ng EO ngunit walang bahagi nito ang nagsasaad ukol sa

badyet.

Kaugnay nito, magpapatuloy ang mga kilos-protesta at pagsasagawa ng signature campaign ng mga manggagawa upang ipetisyon ang regularisasyon sa mga manggagawang kontraktwal at wakasan ang lahat ng porma ng kontraktwalisasyon.

“Dapat nating paigtingin ang kolektibong pagkilos upang mapilit natin ang gobyerno na maibigay ang matagal nang hinihinging regularisasyon. Inaanyayahan namin ang milyon-milyong manggagawang kontraktwal na makiisa sa mass filing para sa regularisasyon sa tanggapan ng DOLE at opisina ng pangulo,” pagtatapos ng KMU.



The Torch to hold qualifying exam for editorial vacancies

🔥 Miel David Antonio Ochoa

In the advancement of advocacy journalism, The Torch hailed its new governing core editors in its annual Journalism Training Seminar (JTS) held at Public and Alumni Relations Hall in Philippine Normal University – Manila, May 7-10.

With the theme: “Balik-Balikwas: Pagpapanumbalik ng Tindig ng Tinta sa Pagtatanggol ng Kalayaan sa Pamamahayag,” JTS provided series of lecture-workshops and educational discussions to advance the journalistic skills of the publication members and to heighten their socio-political awareness, essential for being a campus journalist.

Moreover, after the written and oral examination, the new set of editors was selected by the Independent Screening Committee (ISC) including Kristine Alimpoyo, Former Associate Editor in Filipino of The Torch and Prof. Jonathan Geronimo, a Filipino Faculty in University of Sto. Tomas (UST).

However, unavailability of some publication members and limited number of qualified staff prompted editorial vacancies. Thus, Board of Editors (BOE), via quorum, decided to appoint three section editors including News, Features and Literary Editor.

Meanwhile, positions of Research and Sports Editor are still unoccupied and will be subject for another set of editorial examination.

The new set of editors is as follows:

Editor-in-Chief
Jimnoel C. Quijano

IV-24 Bachelor in Science Education with Specialization in Physics

Associate Editor in Filipino
Janine P. Solitario

IV-4 Bachelor in Filipino Education

Associate Editor in English
Denielle M. Galo

IV-6 Bachelor in Literature Education

Managing Editor
Airalyn Gara

IV-5 Bachelor in Filipino Education

Assistant Managing Editor
Yhunice G. Carbajal

IV-5 Bachelor in Filipino Education

News Editor
Louriel Danseco

IV – 14 Bachelor in Mathematics Education

Literary Editor
Vincent Anthony V. Abrenio

IV – 1 Bachelor in English Education

Features Editor
Dhriege Castillanes

IV – 19 Bachelor in Science Education with Specialization in Biology

Memes of the Term



JAKE-CLARK.TUMBLR



Magkaroon ng claim sa Benham Rise bilang teritoryo at pangisdaan ng mga Pilipino.



Hayaang alipustahin ng Chinese Coast Guard ang mga mangingisdang Pilipino at palitan ang huli ng noodles at yosi.





Hunyo 15, 2018

Walong buwan nang nakapiket ang unyon ng magsasakang Katipunan ng Lehitimong Magsasaka at Mamamayan ng Timog Katulugan sa Lupang Ramos (KASAMA-TK-LR). Hanggang ngayon, ang 372-ektaryang lupa ay hindi pa rin ipinamamahagi sa mga magsasaka, kung kaya't makatwirang bungkalan ang tugon ng mga ito laban sa sistemang pyudal na mahigit 50 dekada nang tanikalang bumibilanggo sa kanila.



Pitik B

Hermia Fungea Cockinea

Hellooooo there, PhiAndYouOnes! Welcome back sa mga inugat nang not-so-OBTEC babies at sa newbies na freshies. Charaught! Nanditey na ulit ang inyong lablab beshywap na always present para humanash ng pak! ganern na mga chika around my beloved Inang Pamantasan. Cryola Khomeni ang aking fezlak sa 123456789 years na pa-secret agent around there at dumami agad ang mga chararat sa aking baluuuur! Mapapa-‘Shuta this!’ ka na lang sa kachakahan ng mga fungi na itey. Sa aking pagiging #KaButengga, na-sight-sung ng inyong beshy ang listahan ng mga bobang pasaway around Inang P kaya i-ready na ang pyrex ni mama dahil mari-Rita Gomez kayez to the highest level with my chikas!

MIA ng Taon

Wit kineri ng supah powers ko ang mga churvang beshy mo na missing in action buong taon. Ano na, b3h? Waiting for miracle in cell no.7 na matuloy ang elekleksyon without your A for effort, ganern!? If I were you, pinush ko nang mag-review nang bonggacious para maging kabogera ng taon sa examination. Havey nang magka-dark circles at maging

zombie sa pa advance final exam ni Mayor kaysa maging repeater. Ooops! Kailangan pa tuloy i-required ang elekleksyon sa beloved PhiAndYouOnes na #SummerReadyna! Eto pa ang na-Reach Asuncion ng pretty Cap ko, naglabas ang mga konsumisyuneeer on elekleksyon ng interpretation sa technical term na may meaning naman talagaa! Urky day! Always available ang frenny kong google mga besh! Who do you think you are? Interpretative dancers?! Research muna, b3h!

BITTERella ng Literatura

Lodi to the maximum level ang mam-sir-it na itey na feel na feel ang pagiging critic sa lablab kong publikasyon everytime na may chikahan about lit-err-ary. Mahilig siya sa KESO – keso ganito, keso ganyan ang lit-err-ary writings ng publikasyon. Shyness overload naman sila sa entries mong mala-Precious Hearts Romances na gustong mabasa. Level-up naman, b3h! Itetch pa ang mas nakakalurkey, beshy! Nasagap ng aking pretty cap na hindi napa-‘I want YOU’ ng mam-sir-it na itetch ang interviewer na tart-cheese sa kaniyang

joining ceremony sa publikasyon, kaya pala ampalaya party afterwards! If I were you beshywap, magtatayo ako ng sariling pub tapos ako lang ang writer! Imbiyerna!

Kabagalan Partylist Reloaded

Kung may Hall of Famer Award ang pamimitik sa mga chararat, Win na Win Gatchalian ang mga chipipay na itez. Sinetch ang mga beshy mong ‘wait-for-my-signature’ ang peg. Dadalaw ka sa kanilang baluuur to ask for their superlative precious signature pero need mo pang mag-I shall return dahil ‘error: signatory not found’ ang peg nila. Kalurkey! May pa-multiple choice ang mga kyonget: a) wiz pa sila b) wiz na sila sa kanilang lungga or c) breaktime nila. After 48 years ng break time ni mam-sir-it, waley pa rin silang ni-hi, ni-ho. So, tomorrow is another day na lang! Mas mabilis pa si Gary the Snail kaysa sa pagmo-move-on ng ugly fezlak niyo, bes! Bagal na nga ng proseso ng inyong document, lalo pang tumagal dahil sa mga beshy mong wit ma-sight-sung ang presensya. Ghaaaaawd!

Jollibee and Friends

Hindi paaawat sa pagiging bee-duh bee-duh itong si Effem! Punong-puno siya ng ow-PIN-yon! As if naman beshies sila ng care bears e, feeling in-TELL-lectual lang naman! Shaket ng cap ko sayo! Wiz yatang ibang pinagkaabalahan last #BeachTime kundi magpaka #Bitchmode sa chararat niyang dutdutan for screenshots. Oooooopps! In four years of your existence kay Inang P, anong worthy things ang nagetching mo bukod sa humanash nang humanash? Take nooote, nagsama pa siya ng mga bhosz niyaaa! He has this ever-supportive na bezhiez na bonggalu ever sa pag-shoutout at pak na pak sa pagta-tag ng frennies sa comment section to open a DISCOURSE. Opkors! Another ‘feeling in-TELL-ek-ektwal EGO sheeeeeet! Jollibee and Friends, pinashashaket ho ninyo ang ulo ko, bewang ko, get, get out na! Puhhhlease! Kung ako sa inyo, I’ll use my voice to influence the world, the universe rather, to read, to investigate and lablaaab! LOL!

Lolo Mo Sayang

Baka kaya wiz tayong natatanggap sa mga joining ceremony

ng mga orgsss ay dahil pinalitan na natin si Hanging Amihan. You know, HAMBOOOWG! YAH-BANG, Ganern! Award sa #BashPaMore itong si Bes. Eh, according to the chizzuums na na-track ng pretty cap ko, wit napa-COME ON AND GET ME ng chararat na itez ang beri lab kong publikasyon kaya bonggalu ever siya sa pag-ispluk ng kaniyang so-called analysis con subjective hate. Puro hanash si baaaakler, waley naman actions puro TALK. oppose and propose, mamshie! Teachers in Praxis, ganern! just so you know. Tagging @DaTartsPublicationsxz, Lolo mo sayang! Hakhak Oopss! Quiet lang kayo mga kasabwatan, atin-atin lang ‘to ha!

Kalurkey! Naloka ka rin ba sa mga chararat na itez? Umpisa pa lang yern! But donchu worry. I’m alweyyzz here to protect my bebelablab PhiAndYouOnes! Kapag lumalabas ang not-so-good smell ng mga bulok na fish sa loob ni Inang P, just wait for me to come. Ganern! See you next time. Hibernate na ulit ang inyong beshy. Ire-reserve ko na lang kayo ng tulog. If you want attention, I’m just one call awaaaaay! Gora ka lang sa on-off-pisina ng insti na laging bina-bash pero always ready to fight for your right. Babuuuush!



Por da hanash, chika, kutya, and kuda, just contact:
thetorch.pnumanila@pnu.edu.ph

Stalk mo na rin akez sa
facebook.com/thetorchpub
*pm sent!

Bungkalan sa Lupang Ramos

Airalyn Gara

Kolektibong Pagkilos ng mga Magsasaka
Tungo sa Tunay na Repormang Agraryo

Saksi ang malawak na lupain sa kasaysayan ng pakikibaka ng mga magsasaka ng Lupang Ramos (LR) para sa tunay na repormang agraryo. Sa mahabang tala ng karahasan at pananamantala, makatwirang bungkalan ang tugon ng mga magsasaka tungo sa pamamahagi ng lupaing matagal na nilang ipinaglalaban.

Paghuukay sa kasaysayan ng lupain

Bago pa man pag-agawan ang 372-ektaryang lupain ng LR na matatagpuan sa Barangay Langkaan I, Dasmariñas, Cavite, mahigit 300 pamilya na ang nanirahan dito at nagtanim ng bigas, mais, pinya, at ibang produkto. Ayon sa mga magsasaka, nalinang ang nasabing lupain dahil sa kanilang pagtatrabaho rito. Ngunit taong 1965, sumiklab ang pakikibaka ng mga mambubukid ng LR nang dumating ang nagpakilalang may-ari nito na si Emerito Ramos at ipinabatid sa mga magsasaka na ipagpatuloy ang pagtatanim sa lupain. Nagtayo ito ng opisina sa lupain at tinawag na ‘bodega’ kung saan inimbak ang mga inaning produkto. Sa pagkakataong ito, naging mga manggagawang-bukid ang mga residente at nagtrabaho para kay Ramos upang manatili sa LR. Pinalala ang kalagayang ito ng mga magsasaka nang ilabas ang Presidential Decree (PD) No. 27 noong panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos kung saan nakapaloob ang utos na dapat ipamahagi ang mga lupaing may tanim na palay at mais sa mga magsasaka. Bilang taktika, tinamnan ni Ramos ng tubo ang buong lupain upang hindi ito tuluyang maipamahagi sa mga magsasaka. Dahil dito, kinilala sina Ramos and Sons (EMRASON) bilang mga lehitimong may-ari ng lupain.

Nagsimulang mag-organisa ang mga magsasaka nang ipanukala ang Project CALABARZON noong 1990 na nagbunsod ng malawakang pagpapalit-gamit sa mga lupain sa Cavite. Sa unang taon ng implementasyon nito, ginamit ang LR bilang ‘test case’ sa lagapan na pagsusukat ng lupa na nagdulot ng pagpapataks sa mga magsasaka mula sa kanilang mga tahanan. Makailang beses namang naipanalo ang pamamahagi sa lupa sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ni dating Pangulong Corazon Aquino. Kabilang ang LR sa mga lupain at hasyendang dapat ipamahagi sa ilalim ng programang ito ngunit napagdesisyon ng Korte Suprema na hindi na kabilang sa saklaw ng CARP ang lupain matapos magsumite si Ramos ng Municipal Order (MO) No. 12. Nakasaad dito ang pagpapalit ng gamit sa lupain mula agrikultural tungong residential. Dahil dito, nagsimulang magsulputan ang iba’t ibang developmental projects sa LR ngunit walang tiyak na plano para sa mga magsasaka nito. Manipestasyon ng hungkag na reporma sa lupa ang naging sitwasyon ng mga magsasaka sa LR. Sa halip na buwagin ang sistemang pyudal, patuloy nitong sinusugan ang pansariling interes ng mga Ramos at nanatiling kontra-magsasaka dahil hindi nito nilayon ang tunay na pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal nito.

Pagbuwag sa monopolio sa lupain

Nabuo ang Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan ng Lupaing Ramos (KASAMA-LR) noong 2010 nang magkaisa ang mga magsasaka ng LR upang

tutulan ang pagpapalit-gamit nito at ang mapanupil na pag-aangkin sa mga lupain. Sa pakikibaka para sa kanilang lehitimong karapatan, karahasan at pananamantala ang dinanas ng mga magsasaka. Ayon kay Nanay Christina, dating miyembro ng Tunay na Buklod ng Magsasaka

Huwad ang paghahangad ng pag-unlad kung mananatiling walang tuon ang estado sa mga panawagan para sa tunay na repormang agraryo

(Buklod) at ngayo’y kasapi na ng KASAMA-LR, dating masaya ang samahan ng mga magsasaka lalo pa’t nagtagumpay sila sa bungkalan. Ngunit sa kasalukuyan, nagkaroon ng dibersyon sa kanilang hanay bunsod ng panlilinlang ng malalaking kompanya para sa pansariling interes sa lupa. Kabilang sa mga taong umaangkin sa LR sina Rudy Herrera, dating lider-magsasaka ng Buklod; Nestor Pangilinan, bagong kagawad sa Brgy. Langkaan Uno; at Engr. Angelito Tolentino, isang inhinyerong nagbabandila ng koneksyon sa mga Ayala. Dulot ng kanilang patuloy na pananamantala, pananakit, at pagbabanta, hindi na muling nakapagtanim ang mga magsasaka sa LR. Nitong Hulyo lamang, nagkaroon ng dayalogo sa pagitan ng KASAMA-

LR at hanay nina Herrera, Tolentino, at Pangilinan ukol sa hinihiling na ‘writ of execution’ ng Buklod batay sa desisyon ng korte suprema na Exemption Order sa LR. Ipinaglaban naman ng KASAMA-LR ang pagbawi sa nasabing kautusan dahil napatunayang peke ang mga ipinasang dokumento ng kabilang panig kaya maraming magsasaka ang nawalan ng lupa. Sa ganitong kalagayan, napagsasamantalahan at nagiging instrumento ng pangangamkam ng mga makapangyarihang tao, negosyante at estado ang mga magsasaka na higit pang sumasagasa sa kanilang karapatan at kalayaan sa maayos na pamumuhay.

Pagpapayabong ng lakas sa pagsulong

Bilang tugon, nagtakda ang KASAMA-LR ng isang adhikaing magbubukid na naglalayong itaguyod ang karapatan ng mga magsasaka at bawiin ang mga lupang kinamkam sa kanila ng mga panginoong maylupa—ang bungkalan para sa tunay na reporma sa lupa o mas kilala sa tawag na ‘Bungkalan’. Ito ang naging tugon ng mga magsasaka sa LR sa kampanya ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na buwagin ang monopolyo sa lupa at baklasin ang sistemang Hacienda. Inokupa ng mga manggagawang-bukid ang mga tubuhan at nagtanim ng pananim na pangkonsumo para sa panawagang ipamahagi nang libre ang lupang sakahan sa mga naglililang nito. Sa kasalukuyan, isinasagawa na ang bungkalan sa iba’t ibang probinsiya sa bansa gaya ng Cavite, Tarlac, at Negros Occidental. Sa pamamagitan nito, napakikinabangan ang mga lupaing nakatambak lamang habang nagkakaroon

ng hanapbuhay ang mga magsasaka. Naging bahagi rin ang KASAMA-LR sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), isang militanteng kilusang binubuo ng mga uring magsasaka at manggagawang bukid na nagsusulong ng makataong layunin at makabansang interes na mapayabong ang malalawak na lupaing agrikultural sa bansa upang mapakinabangan ng mga magsasaka at ng sambayanang Pilipino. Sa pamamagitan ng pag-ookupa sa mga taniman at kolektibong pagkilos ng mga magsasaka at manggagawang bukid, nagkakaroon ng produktibong pagkakataon ang mga magsasaka upang maghanapbuhay habang iginigiit ang kanilang karapatan sa lupain.

Sa pagtataya sa mga ipinatupad na programa hinggil sa reporma sa lupa, wala sa mga ito ang nagbigay-hustisya sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka ng mga magsasaka. Huwad ang paghahangad ng pag-unlad kung mananatiling walang tuon ang estado sa mga panawagan para sa tunay na repormang agraryo. Sapagkat bahagi lamang ang suliranin sa lupang malawak na inshustisyang panlipunan na matutugunan lamang sa pamamagitan ng pagsusulong sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) sa pagpapatuloy ng usaping pangkapayapaan.

